# MANIPESTO NG MANGGAGAWANG PILIPINO
# Mayo 1, 2004

## BAGONG KAAYUSAN: "DISENTENG HANAPBUHAY, DISENTENG PAMUMUHAY!"

Taong 2004 ang simula ng bagong sentenaryo ng Kilusang Paggawa sa Pilipinas, isang bagong siglo, isang bagong pagkakataong palawigin at patatagin ang Kilusan at ang kabuhayan ng 34 na Milyong Manggagawang Pilipino .

Sa taon ding ito magkakaroon ng panibagong pagkakataon ang mga mamamayang Pilipino na magbigay ng panibagong mandato sa mga nais mamuno sa bansa.

Maraming pagbabagong magaganap at maraming dapat paghandaan. Ngunit marami pa ring mga dating suliranin na wala pa ring lunas. Di natatapos ang pakikibaka tungo sa matagal na nating mithiin - ang isang matiwasay at masaganang bansa.

Nandiyan ang kakulangan sa sahod, kawalan ng seguridad sa trabaho, kontraktwalisasyon ng paggawa, patuloy na paglabag sa mga basehang karapatan ng mga manggagawa, lalo na sa pag-oorganisa. Nandiyan din ang mga isyu ng mga tinaguriang bagong bayani, ang mga Overseas Filipino Workers (OFWs). Pareho ang hinihingi: proteksyon at pagkilala.

Idagdag na rin natin ang mga bagong paghamon sa mga manggagawa – ang malawakang liberalisasyon sa buong mundo, ang pangingibabaw ng mga bansang tulad ng Tsina at Vietnam sa pandaigdigang negosyo, ang lumalawak na problema sa terorismo, ang patuloy na pagtaas ng mga bilihin at serbisyo na bunsod ng liberalisasyon at deregulasyon ng mga sektor gaya ng kuryente, tubig, langis at iba pa.

Maraming mga suliranin na nangangailangan ng katugunan. Sa simulang bagong sentenaryo ng Kilusang Paggawa, naghahanap ang mga manggagawa ng pagbabagong tuluyang magbibigay ng bagong kaayusan.

Sa Pamahalaan, sa mga Negosyante, sa lahat ng lider ng bansa, ngayon at sa mga susunod, Bagong Kaayusan ang hamon ng Manggagawa.

**Ito'y masisimulan kung sa susunod na anim na taon, matutugunan ang sumusunod na agenda ng Bagong Kaayusan:**

**1. 'Living Wage'**

Pagtataguyod sa Probisyon ng Saligang Batas para sa pagbibigay ng disente at nakabubuhay na pasahod. Maaring ito ay kombinasyon ng dagdag sa araw-araw na sahod at iba pang mga 'non-wage benefits' na magdadagdag sa 'take-home pay' ng bawat pamilyang Pilipino . Kasama rito ang mga tinatawag na 'profit sharing', 'stock option plans', 'incentive pay', at 'productivity bonuses'. Ang mga ito ay magsisilbing insentibo upang mag-ibayo ang araw-araw na pagta-trabaho ng mga manggagawa.

**2. Paglikha ng Trabaho at 'Full Employment'**

Paglikha ng mas maraming trabaho sa pamamagitan ng isang 'National Employment Plan (NEP)' na may partikular na diin sa 'regular' at 'full employment'. Tinatawagan ang pamahalaan na pangunahan ang mga proyektong pang-imprastraktura at iba pang labor-intensive na mga proyektong pambayan na siyang sasagot sa kasalukuyang kakulangan sa trabaho. Progresibong pagpapatigil ng malawakang kontraktwalisasyon, at pagpapatupad ng mga regulasyong nagseseguro 'job security' ng bawa't manggagawa, sa pribado at pampublikong sektor .

**3. Eksempsiyon sa Pagbabayad ng Buwis**

Eksempsiyon ng mga manggawang kumikita lamang ng P20,000 kada buwan pababa sa pagbabayad ng 'withholding tax'. Ito ay malaking kabawasan sa gastusin ng manggagawa. Dapat na ring alisin ang buwis sa 'overtime pay', 'bonuses', at iba pang ekstra na kita ng manggagawa.

**4. Pagseseguro sa Kalusugan at Pangangailangang Medikal**

Pagtatatag ng isang unibersal o pangkalahatang 'insurance program' na sasagot sa medikal na pangangailangan, di lamang ng mga manggawa kundi ng lahat ng Pilipino. Kasama rito ang mga basehang gastusing sa ospital, gamot, at iba pa.

Pagpapalaganap ng mas maraming 'outlets' para sa mga mura at 'government-subsidized' na gamot, lalo na sa 'industrial centers'. Kinakailangan bawasan ang gastusin ng gobyemo sa 'debt servicing' at ilipat sa isang komprehensibong 'national health care program'.

Pagtataguyod ng 'family health care program' na may diin sa 'population control' at 'management' na nagbibigay karapatan sa bawa't mag-asawa o 'partner' na malayang pumili ng pamamaraan na tutugma sa kanilang mga paniwala o relihiyon.

**5. Kaseguruhan sa Pagkain**

Pagbibigay ng mas malaking alokasyon para sa pagseseguro ng pagkain ng bansa, partikular sa pagpopondo ng mga subsidiya para sa mga magsasaka, 'farm-to-market roads', imbakan ng pagkain at masusing pagrerepaso sa mga 'trade' at 'tariff commitments' ng bansa na walang habas na nagpapasok ng mga produktong banyaga. Tinatawagan din ang pamahalaan para sa ibayong paghihigpit laban sa 'legal' at 'illegal' na 'smuggling'!

**6. Murang Pabahay para sa Manggagawa**

Pagtalaga ng pondo para sa murang pabahay para sa mga manggagawa, lalo na sa mga 'industrial areas' at 'export zones', kaakibat nito ang pagtatalaga ng mga lupang pag-aari ng gobyemo bilang mga 'workers' communities' o 'townships'. Pinanawagan din na lalung pababain ang interes sa pautang sa pabahay, partikular sa Pag-Ibig, NHMFC, at GSIS. Para sa mga manggagawa sa gobyemo, hinihiling sa mga opisyal na lokal na magkaroon ng 'LGU employees housing projects'.

**7. Edukasyon Para sa mga Makabagong Manggagawa**

Patuloy na pagrerebisa ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Pinapanukala ang pagtatatag ng isang kultura sa edukasyon na nagbibigay diin sa mga kursong teknikal at sa information technology na siyang huhubog sa mga batang Pilipino bilang mga tunay na 'world class' na manggagawa. Marapat na bigyan ng pangunahing responsibilidad at sapat na pondo ang TESDA at iba pang mga training institutions tungo sa programang ito. Ang Kagawaran ng Paggawa o DOLE, at mga kaalyadong ahensiya ay kinakailangan ding magsagawa ng mga programang magbibigay pagsasanay sa mga manggagawa na nais matuto ng bagong sining at galing.

**8. Protection ng Kababaihan at Kabataan**

Pagpapalakas at pagpapatibay ng mga bagong batas at patakaran na tumutugon na kakaibang pangangailan ng mga dumaraming bilang ng mga kababaihang manggagawa, partikular laban sa diskriminasyon, pandarahas, at pang-aabuso.

Masiglang pagpapatupad ng batas laban sa "child labor."

**9. 'Constitutional Convention'**

Pagpapatawag ng isang 'Constitutional Convention' na siyang babalangkas at magpapanukala ng mga pagbabago sa ating Saligang Batas, partikular ang pagpapalit ng kasalukuyang sistema ng gobyerno, mula sa isang Pangpanguluhan tungo sa Parliyamentaryo.

**10. 'Protection of OFWs'**

Pagdaragdag ng mga 'OFW Assistance Centers' sa mga lugar kung saan may malaking konsentrasyon ng mga Pilipinong manggagawa upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan at mga hinaing. Kasama rito ang pagbabago ng kultura sa mga embahada upang gawing prayoridad ang proteksyon ng mga OFW.

Sa panibagong siglo na Kilusang Paggawa, ang mga manggagawa ay patuloy na makikibaka para sa pagbabago, di lamang sa pamumuhay ng bawa't isang manggagawa, kundi pati na rin sa kanyang lipunang ginagalawan.

**Sigaw ng Manggagawa: *Disenteng Trabaho, Disenteng Pamumuhay!***

**Mabuhay ang Manggagawang Pilipino!**

**Mabuhay ang Bansang Pilipinas!**

# Labor Solidarity Movement (LSM)

Trade Unions of the Philippines and Allied Services (TUPAS)

Federation of Free Workers (FFW)

Trade Union Congress of the Philippines (TUCP)
- Associated Labor Unions (ALU) – VIMCONTU
- Associated Labor Union for Metal Workers (ALU Metal)
- Associated Labor Union for Textile Workers (ALU Textile)
- Associated Labor Union for Transport Workers (ALU Transport)
- Associated Professional, Supervisory, Office and Technical Employees Union (APSOTEU)
- Association of Trade Unions (ATU)
- All Workers Alliance Trade Union (AWATU)
- Alyansa ng mga Manggagawa at Pilipinong Organisado (AMAPO)
- Beverage Industry National Union (BINU)
- Confederation of Labor and Allied Services (CLASS)
- Federation of Unions of Rizal (FUR)
- Lakas ng Industriya ng Kapatirang Haligi ng Alyansa (LIKHA)
- National Congress of Unions in the Sugar Industry of the Philippines (NACUSIP)
- National Union of Bank Employees (NUBE)
- National Union of Portworkers of the Philippines (NUPP)
- Pambansang Kilusan ng Paggawa (KILUSAN)
- Philippine Agricultural, Commercial and Industrial Workers Union (PACIWU)
- Philippine Federation of Labor (PFL)
- Philippine Government Employees Association (PGEA)
- Philippine Integrated Industries labor Union (PIILU)
- Philippine Seafarers Union (PSU)
- Public Sector Labor Integrative Center (PS LINK)
- Philippine Transport and General Workers Organization (PTGWO)
- Samahang Manggagawa Pilipino – National Alliance of Teachers and Office Workers (SMP-NATOW)
- Technical Education and Skills Development Authority – Association of Concerned Employees (TESDA-ACE)
- Union de Obreros Estivadorres de Filipinas (UOEF)
- United Sugar Farmers' Organization (USFO)